# Impluwensiya ng Midya sa Pag-Aaral ng Wika

**Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research**
Vol. 7 No.1, 33-44
February 2019, Part II
P-ISSN 2350-7756
E-ISSN 2350-8442
www.apjmr.com
CHED Recognized Journal
ASEAN Citation Index

**Kathleen Kay D. Mapa (MAEd)[1], Felisa D. Marbella (PhD)[2]**
Sorsogon State College, Sorsogon City, Philippines
[1]*mapakathleen@gmail.com*, [2]*marbellafely@gmail.com*

*Date Received: October 20, 2017; Date Revised: February 18, 2019*

**Abstract -** *This study proves the influence of media in the study of language in the 6th grade level of Sorsogon City, school year 2018-2019. Descriptive Qualitative-Quantitative method was used in the gathering of data. Random Sampling was used in determining the participants. It consists of 1,496 participants. 1,360 are grade 6 students and 136 are teachers from the City of Sorsogon. The primary instrument for gathering data was a prepared checklist and interview among the teachers. And used frequency count and ranking in interpreting the answer/data.*

*The influence of media was seen/discovered in the learning of the Filipino Language. In phonology, Grade 6 students and teachers learn the articulation of pronunciation. In morphology, Grade 6 students learn how to spell correctly; teachers can accurately use the root word and affixes. In syntax, Grade 6 students can easily comprehend sentences, and teachers can easily deliver the message. In semantics, Grade 6 students can understand meanings and teacher clarifies unfamiliar words.*

*Based on interview with the teacher, the influence of media catches the attention of the Grade 6 students in learning the language. The good effect/ positive effect of media in learning the Filipino language in Grade 6 students is that they learn how to love their own language and speeds up worth reading and writing. The negative effects among Grade 6 students is that it wastes our time in the progress of language. While among teachers, slang words are used. In learning the Mother Tongue among Grade 6 students, they become more active in giving their opinions, while it makes it easier for the teachers to speak. Another negative effect among Grade 6 students is that they get confused in choosing the right words in constructing a sentence, while among teachers, they find it hard to contextualize.*

*The result of this study in the community is having a realization that if we use the media in the right way, it would be a huge help in making a proper and wonderful community. Specially at having an interest in dealing and joining in the success of our community. In education, it helps us understand the influence it has for teaching and learning language. Teaching its negative and positive sides to students will be easier if the teacher is more knowledgeable.*

**Abstrak -** *Natiyak sa pag-aaral na ito ang impluwensiya ng midya sa pag-aaral ng wika sa Grade 6 sa Lungsod ng Sorsogon, taong 2018-2019. Ginamit ang deskriptibong kwalititabo-kwantitibo sa pagkuha ng datos. Random sampling ang ginamit sa pagtukoy ng kalahok. Binubuo ng 1,496 kalahok mula 1,360 sa Grade 6 at 136 na guro sa Lungsod ng Sorsogon. Ang pangunahing instrumento sa paglikom ng datos ay ang inihandang tseklist at pakikipanayam sa guro. Ginamit ang frequency count at pagraranggo sa pagkuha ng kasagutan.*

*Natuklasan ang impluwensiya ng midya sa pag-aaral ng Wikang Filipino. Sa ponolohiya, ang Grade 6 at guro ay nalalaman ang artikulasyon sa malapatinig na pagbitiw ng letra. Sa morpolohiya, ang Grade 6 ay nakapagbabaybay ng mas maaayos; sa guro ay naiaangkop ang paggamit ng panlapi/salitang ugat. Sa sintaks, ang Grade 6 ay napapadaling maunawaan ang pangungusap, ang guro ay napapabilis ang paghatid ng mensahe. Sa semantika, ang Grade 6 ay naipapaunawa ang kahulugan, sa guro ay napapalinaw ang di kilalalang salita.*

*Ang impluwensya ng midya sa pagkatuto ng wika ayon sa panayam sa guro ay napupukaw ang interes ng Grade 6. Ang mabuting dulot ng midya sa Wikang Filipino sa Grade 6 at guro ay natatangkilik ang sariling wika at napapadali ang pagsulat at pagbasa. Ang di-mabuting dulot sa Grade 6 ay nasasayang ang oras sa paglago ng ating wika. Sa guro ay nagagamit ang balbal na salita. Sa Ingles ng Grade 6 ay napapadaling gumamit nito, sa guro ay magagamit sa pakikipagsapalaran. Nalilito sa istruktura ang di-*

*mabuting dulot. Sa Mother Tongue ng Grade 6, nagiging aktibo sa pagbibigay saloobin, sa guro ay napapagaan ang salita. Ang di-mabuting dulot sa Grade 6, nalilito sa salitang gagamitin sa pangungusap, sa guro ay nahihirapan sa pag-uugnay sa sariling lugar.*

*Ang naging resulta ng pag-aaral na ito sa komunidad ay ang pagkakaroon ng kamulatan na ang midya kapag ito ay ginamit nang tama ay may malaking ambag sa pagkakaroon ng maayos at masaganang komunidad. Dahil din nagkakaroon ng interes sa pakikilahok at pakikipagsapalaran sa katagumpayan ng ating komunidad. Sa larangan ng edukasyon, ito'y makakatulong upang ganap na maintindihan ang nagagawang impluwensiya ng midya sa pagtuturo at pagkatuto ng wika. Mas madaling maipapabatid sa mga mag-aaral ang positibo at negatibong naidudulot ng midya sa pagkatuto kapag ganap na maalam ang isang guro.*

**Susing-salita:** *impluwensiya, midya, wika, ponolohiya, morpolohiya, sintaks, semantika*

## INTRODUKSYON

Sa patuloy na pagbabago ng panahon, patuloy rin ang impluwensya ng midya sa mga makabagong kaalaman na nakakaapekto sa wikang sinasalita at isinusulat. Hangad ng ating edukasyon na mapahusay, mapalago at mapanatiling magamit ang wikang sariling atin sa kasalukuyan at hinaharap.

Kung ang wika ay buhay, ang midya ay buhay rin na patuloy na lumalago at walang humpay na nagbabago. Mahalagang malaman ang impluwensya ng midya sa bawat henerasyon upang mapagtibay ang wikang ginagamit sa patuloy na pakikipagsapalaran sa araw-araw ng bawat indibidwal. Ayon sa UNESCO [1] "isa sa mga problemang ikinakaharap sa ating edukasyon ay ang midya, sosyal midya, pelikula, mga kultura, samahan ng mga kabataan na may di pagkakatulad o pantay na pinagaralan. Sa pormal na edukasyon at di pormal na edukasyon". Sa modernong panahon, ang pag-aaral sa tulong ng midya ay talagang maituturing na napakahalaga. Malayang naipagpapahayag ng midya ang ekspresyon ng bawat isa, kung kaya't mas nakatutulong ang midya sa pagbibigay impormasyon at pagdedesisyon ng lahat.

Ang mga pagsasanay sa mga guro na maipakita ang kahalagahan ng midya sa pag-aaral ay makatutulong sa kanila upang mas maging tama at kapaki-pakinabang ang talakayan. Hindi lamang sa loob ng silid-aralan kundi maging sa totoong hamon ng buhay. Ayon nga kay Leitner [2]: "Ang mass midya ay salamin ng riyalidad, at para sa iba, ay bahagi mismo ng mga pangyayari sa lipunan. Ang mga ugnayang ipinapahayag sa midya ay kapwa nakasalalay at humuhubog sa wika at lipunan" Makatotohanan ito sapagkat anumang paraan nang paggamit sa wika ay masasabing nasasalamin ng midya. Kumplikado ang interaksyon ng mass midya at mga tao sa lipunan. Kapwa salamin at tagahubog nang midya ang kasanayang indibidwal sa paggamit ng wika. Sa tulong ng midya, may malaking bahagi ito sa pagtuklas at paglago sa paggamit ng wika.

Ang midya ang itinuturing na pinakamalakas na institusyong sosyal na nagtataglay ng kapangyarihang lumikha ng isang opinyong makapagpapabago sa kasaysayan ng bansa. Tatlo ang batayang tungkulin ng midya sa lipunan: tagapagpangkat, tagapagmulat at tagapagpakilos. Midya rin ang naging instrumento upang malaman ang mga makasaysayang pangyayari sa ating bansa. Kung gayon, midya rin sana ang siyang makapagsusulong ng isang makabuluhang pagbabago sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang makapagtaguyod ng isang demokratikong sistema ng pangmasang edukasyon at pagpapalaganap ng impormasyon. Hindi lamang midya ang kailangang paunlarin. Kailangan din ng tamang kasanayan sa paggamit ng wika. Maraming kabataan ngayon ang may kalituhang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino, Ingles at Mother Tongue maging pasalita man o pasulat. Napakabigat na halos sa lahat ng pagkakataon ay tungkulin ng guro na mas mapadali at mapaganda ang paraan ng pagtuturo at pagkuha ng impormasyon para sa mga mag-aaral.

Isa sa mga kasanayang pangkomunikatibo na dapat taglayin ng isang mag-aaral ay ang kakayahang maghanap ng wastong babasahin sa midya na may komprehensyon sa binabasang teksto, kailangan ang pag-unawa sa anumang binasa. Ang mga mag-aaral ay kailangang makadebelop ng mga kasanayan na makatutulong na mapanatili at maunawaan ang mga istruktura sa paggamit ng wika. Ayon kay Gallego [3], "Ang noo'y itinuturing na "balbal" na wika ay maaaring maging istandard sa paglipas ng ilang panahon. Hindi mapipigilan ang pagbabago sapagkat bahagi ito ng buhay ng anumang wika." Ang mga pagbabagong ito ay dahilan kung bakit ang lahat ay kinakailangan maging bukas ang isipan sa pagtanggap at pagkilala sa mga pagbabagong panlipunan. Mahalagang maihanda ang sarili sa makabagong

sistema ng edukasyon, hindi lamang sa loob ng paaralan, sa pagitan ng mga babasahin, sa mga karanasan at pakikipag-ugnayan sa kapwa, kundi maging ang gampanin ng midya sa pagtuklas at paggamit ng wika.

Wika ang pangunahing kailangan upang maabot ng midya na minsan ay nakalilito sa bansang may wika at diyalektong 187. Ingles, Tagalog, at Mother Tongue. Ang may pinakamalaking laman ng telebisyon at radyo ay Tagalog. Ang diyalektong ingles naman ay karaniwang sa mga pahayagan, lalo na ang mga diyaryo ay tungkol sa broadsheet na ang target ay mga nakaaangat sa ating lipunan at nakapag-aral sa kolehiyo. Ang mga tabloid, na kadalasan na mas mura ay pumupuntirya naman sa mas malawak na mga mambabasa, dahil Tagalog/Taglish ang diyalektong mababasa dito. Mas mataas ang kanilang "pass-on readership". Media Ownership Monitor Philippines [4]. Ang midya ay may malaking kakayahang maimpluwensiyahan ang ating pagsasalita at pagsusulat man dahil sa ito ngayon ang nagbibigay interes sa mga tao upang makakuha ng mga impormasyon. Sa pagkatuto sa midya, ang wika na ating nalalaman at nagagamit ay hindi agad magagamit sa mabilisang paraan. Ito ay dadaan sa mga proseso na kailangan na tayo'y maging masuri. Ang pagsusuri sa pag-aaral ng wikang Filipino ayon sa istruktura nito ay may bahagi ng aralin sa pagbibigay pansin sa ponolohiya, morpolohiya, sintaks at semantika. Pag-aaralan at paghahambingin ang tuntunin sa gramatika at pag-aaral ng wika tungo sa inteletwalisasyon ng wika nang sa gayon ay makatulong sa pag-unlad ng teknolohiya sa globalisasyong paggamit nito.

Ang naibibigay na impluwensiya ng midya sa pagkilala sa mga istruktura sa pag-aaral ng wika ay maaring magkaroon din ng negatibong paraan sa pagkatuto. Hindi kaila sa kaalaman natin na ang problema at kahirapan sa maling paggamit ng midya ay mananatili pa rin. Sa katunayan ang umiiral na problema at kahirapan sa paggamit ng midya ay naging konsern ng mga edukador, magulang, at kahit mga pulitiko subalit naniniwala sila na ang paggamit ng tama sa midya ay makakatulong sa pagpapanatili at pagpapalago ng wika sa pasalita at pasulat man.

Sa naging karanasan at obserbasyon ng mananaliksik sa kaunting panahon ng pagtuturo bilang substitute teacher, makikita ang paglago at interes ng mga mag-aaral sa pagbabahagi ng kanilang mga kaalaman sa paggamit ng wika. Sa tulong ng telebisyon sa bawat klasrum ay malaya nila itong nagagamit pag kinakailangan at naaangkop sa kanilang aralin. Subalit kailangan pa rin ng gabay ng mga guro at mga magulang sa paggamit nito dahil ang midya ay hindi maaaring pagkatiwalaan sa lahat ng pagkakataon. Nararapat pa rin na magkaroon ng malalim na pag-aaral upang mas maging malinaw ang pagkatuto.

Ayon sa Media Ownership Monitor Philippines, ang telebisyon ang nananatiling pinaka-pinagkakatiwalaang pinagkukunan ng impormasyon 99%, sumunod ang radyo 58%, internet 44%, tabloid 38%, broadsheet 16% at mga magazine 8%. Kung ang midya ay pinagkukunan ng mga impormasyon, ang midya rin ay may mga negatibo at positibong impluwensiya sa mga mag-aaral upang pag-aralan pa nag mainam ang wika. Hangarin kung gayon ng mananaliksik na mas malaman kung paano nakakaimpluwensya ang midya sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Pati na rin ang mga naidudulot ng midya sa paggamit ng wikang Filipino sa ponolohiya, morpolohiya, sintaks at semantika. Kasabay na rin dito ang mga mabuti at di mabuting naidudulot ng midya wikang filipino, ingles at mother tongue. Nais din ng mananaliksik malaman kung sa paanong paraan magiging kapakipakinabang ang midya upang mas matuto ang mga mag-aaral sap ag-aaral ng wika. Ito ang nag-udyok sa mananaliksik upang maisagawa ang pag-aaral na ito at malaman ang impluwensya ng midya sa paggamit ng wika lalo na sa mga mag-aaral ng elementarya sa ikaanim na baitang.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri at malaman 1) ang impluwensiya dulot ng iba't ibang uri ng midya sa paggamit ng wikang Filipino sa ponolohiya, morpolohiya, sintaks, at semantika 2) impluwensiya ang midya sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika 3) ang mabuti at di-mabuting maidudulot ng midya sa mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino, Ingles, at Mother Tongue 4) ang maimumungkahing gawain batay sa resulta ng pag-aaral.

## PAMARAANG GINAMIT

Natiyak sa pag-aaral na ito ang impluwensya ng midya sa pag-aaral ng wika ng mga mag-aaral na Grade 6 sa Lungsod ng Sorsogon, taong 2018-2019. Deskriptib kwalitatibo-kwantitatibong desinyo ang ginamit sa paraan sa paglikom ng mga datos. Random sampling ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok sa pag-aaral, 20 mag-aaral sa bawat pampublikong paaralan na binubuo ng 1, 360 na Grade 6. Kalahok din ang 136 na guro mula sa Filipino at Ingles ng Grade 6



P-ISSN 2350-7756 | E-ISSN 2350-8442 | www.apjmr.com
Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 7, No. 1, February 2019, Part II

mula sa pampubilikong paaralan sa lungsod ng Sorsogon. Ang pag-aaral na ito ay hindi sumasaklaw sa mga mag-aaral mula Grade 1 hanggang Grade 5 ng elementarya sa pampubliko at pribadong paaralan. Hindi rin saklaw ng pag-aaral na ito ang mga guro mula pribadong paaralan at pampublikong paaralan sa Grade 1 hanggang Grade 5, maging Grade 6 na hindi nagtuturo sa asignaturang Filipino at Ingles. Ang talatanungang nabuo ay dumaan sa pagsusuri upang maging ganap na balido. Gumamit din ng interbyu skedyul sa isinagawang pakikipanayam. Inanalisa, sinuri at binigyan ng interpretasyon gamit ang frequency count at pagrarango.

## MGA NATUKLASAN

Inilahad dito ang pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakuha ukol sa impluwensiya ng midya sa pag-aaral ng wika sa Lungsod ng Sorsogon.

1. **Ang mga impluwensiya ng midya sa pag-aaral ng Wikang Filipino sa ponolohiya, morpolohiya, sintaks at semantika.**

Makikita sa bahaging ito ang dulot na impluwensiya ng gamit ng Wikang Filipino sa ponolohiya, morpolohiya, sintaks at semantika ayon sa mga gruo at mag-aaral. Iba-iba ang naging imluwensiya nito sa mga guro at mag-aaral.

Ayon sa Talahayanan 1 nakita ang impluwensiyang dulot ng iba't ibang uri ng midya sa paggamit ng Wikang Filipino sa ponolohiya. Magkatulad ang resulta na lumabas sa kasagutan ng mga mag-aaral at guro. Ang nalalaman ang mga paraan ng artikulasyon tulad ng pasara, pa ilong, pasutsot, pagilid, pakatal, at malapatinig na pagbitiw ng bawat tunog ng letra. Ang midya ay nakatutulong sa mga guro at mga mag-aaral. Upang ang kanilang pag-aaral ay maging makabuluhan. At malaman ang mga artikulasyon sa bawat pananalita. Dahil dito naging mahalaga ang midya upang matukoy ang kahulugan at importansya ng pagsasalita. Na may kaalaman at pagsusuri sa ponolohiya. Ang pagkilala sa mga nabubuong salita na may pagsusuri sa artikulasyon ng bibig at ilong ay nagsilbing malaking tulong ng midya.

Ayon sa sagot ng mga mag-aaral at guro, ang midya ay mas naging kapakipakinabang sa pag-aaral at paggamit ng Wikang Filipino sa ponolohiya. Ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa kilos ng bibig at artikulasyon ng pananalita ay napansin ng mga kalahok. Dahil dito mas matuto sila sa wastong pananalita gamit ang midya.

**Talahanayan 1. Impluwensiyang Dulot ng Iba't Ibang Uri ng Midya sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Ponolohiya Ayon sa mga Mag-aaral at Guro**

| Ponolohiya | Mag-aaral | Guro | Kab. | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Nasusuri at nakikita ang wastong paggalaw ng mga labi, dila, panga at ngipin ayon sa tono, antala, haba, at diin | 411 | 46 | **457** | **2** |
| Nalalaman ang mga paraan ng artikulasyon tulad ng pasara, pailong, pasutsot, pagilid, pakatal, at malapatinig na pagbitiw ng bawat tunog ng letra | 529 | 61 | **590** | **1** |
| Nakakatulong upang malaman ang bahagi ng dila ma gumagana sa pagbigkas ng bawat katinig at patinig-unahan, sentral, likod at kung ano pang posisyon ng nasabing pagbigkas-mataas, nasa gitna o mababa | 381 | 36 | **417** | **3** |
| Natutukoy ang pagkakaiba ng matigas at malambot na pagbigkas ng tunog ng bawat letra | 190 | 23 | **213** | **4** |
| Nagkakaroon ng kalituhan sa nakasanayang tono sa pagbigkas dahil hindi angkop sa kinalakihang lugar o nakasanayang paraan sa pagbitiw ng bawat tunog sa pagbigkas | 71 | 17 | **88** | **5** |

Batay sa pag-aaral ni Mariano [5] Inirekomenda niya na maging mapamaraan sa pagtuturo, manaliksik at umalam ng mga makabagong estratehiya at teknik gamit ang ICT. Kaya't Malaki ang naitutulong ng midya upang matukoy ang wastong paggamit ng



P-ISSN 2350-7756 | E-ISSN 2350-8442 | www.apjmr.com
Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 7, No. 1, February 2019, Part II

Wikang Filipino. Sa pamamagitan ng pagbibigay oras na matuto na may pamaraan sa ICT. Mapapadali ang pagtuturo nito sa pagkilala sa ponolohiya.

**Talahanayan 2. Impluwensiyang Dulot ng Iba't Ibang Uri ng Midya sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Morpolohiya Ayon sa mga Mag-aaral at Guro**

| Morpolohiya | Mag-aaral | Guro | Kab. | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Naiaangkop ang wastong paggamit ng panlapi/salitang ugat sa bawat binubuong salita | 493 | 86 | **579** | **2** |
| Nakapagbabaybay ng mas maayos, mas malinaw at mas maingat sa paggamit ng salita | 721 | 36 | **757** | **1** |
| Nakadaragdag sa mga balbal na salita na nakakakaapekto sa isang salita | 172 | 32 | **204** | **4** |
| Nagkakaroon ng kalituhan sa pag-unawa ng mga salita dahil sa may isa pang taglay na kahulugan nito na hindi ipinapaliwanag sa napanood at narinig | 126 | 12 | **138** | **5** |
| Natutukoy ang nais iparating na salita ng isang tauhan base sa kanyang tinig, kilos, at ekspresyon ng mukha | 217 | 29 | **246** | **3** |

Mula sa Talahanayan 2 nagpapakita ito na ang nakapagbabaybay ng mas maayos, mas malinaw at mas maingat sa paggamit ng salita. Bilang impluwensiya ng midya sa paggamit ng Wikang Filipino sa morpolohiya. Ito ang kasagutan ng mag-aaral. Kung kaya't sa tulong ng midya sila ay mas nakapagbabaybay ng mas mainam. Nakasusuri sa wastong baybay ng mga salita, maingat na gamitin ang bawat salita. Kung kaya't nararapat na ang midya ay panatilihin sa pag-aaral. Upang mapadali sa mga mag-aaral ang pagbabaybay.

Ayon kay Gestadia [6] ang multimedia bilang kagamitang pagtuturo ay nakatutulong. Upang mahikayat ang interes ng mag-aaral. Kaya't inirerekomenda ang maingat na kasanayan sa pagbabaybay. Mas magagabayan ng guro ang mag-aaral kung magkaroon ng mga pagsasanay sa pagbabaybay. Bigyan ng mga pagsasanay na makapagbaybay sa tulong ng midya. Ito ang nakapagpapadali sa kanila na makapagbaybay ng maayos.

Lumalabas sa resulta ng mga guro na, naiaangkop ang wastong paggamit ng panlapi/salitang ugat sa bawat binubuong salita. Kung kaya't natututo ang mga mag-aaral sa pagbuo ng salita gamit ang midya. Nagkakaroon ng mas malinaw na pag-unawa sa kaibahan ng panlapi sa salitang ugat. Kailangang may kasanayan ang guro upang mapadali ang pagtuturo. Upang patuloy na maging kapanapanabik sa mga mag-aaral ang pagkilala sa mga panlapi/salitang ugat.

Sa pag-aaral ni Madrededo [7] katamtaman ang kahandaan ng mga gurong nagsasanay sa pagtuturo ng Filipino. Dahil katamtaman lamang ang kahandaan ng mga guro, maging pamukaw sana ito. Upang mas maging handa sa pagsasanay at pagtuturo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mas malinaw na layunin sa kanilang ituturo.

Ang pagkakahalintulad sa mga kasagutan ng mga kalahok ay parehong nagiging maingat sa pagbuo at paggamit ng salita. Ang pagkakaiba naman batay sa resulta ay sa mga mag-aaral ay mas natututo sila sa pagbabaybay. Samantala para mga guro naman ay nagsilbing hamon upang mas maging wasto ang pag-aaral ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi/salitang ugat.

Ayon sa Talahanayan 3 ang napiling sagot ng mga mag-aaral ay naiintindihan at nauunawaan ang nabuong pangungusap ng mas mabilis at mas malinaw. Kung kaya't napapadali nilang maintindihan ang isang pangungusap. Ang pag-aaral ay nagiging madali sa kanila dahil nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa. At napupukaw ang interes na kilalanin at siyasatin ang isang pangungusap.

Ayon kina Kowles at Sasaki [8] ang pagsusulat ay mas nakikitaan ng mga maraming kamalian habang ang pagsasalita naman ay mas napapainam ang imahinasyon. Kaya't maaring ibalik ng guro ang naiwastong papel na ginawa ng mag-aaral. Dahil dito mas masusuri ng mag-aaral ang mga maling istruktura ng pangungusap. At hindi na ito maibabahagi tulad sa facebook. Kapag patuloy na babantayan ng guro ang kanilang pag-unawa at pag-aaral mas makabubuti ito. Gamit ang midya, mas magiging maingat sila sa paggamit ng angkop na istruktura sa pangungusap.

Nagagamit naman sa mabilisang paghahatid ng mensahe gamit ang pangungusap sa impormasyong

nais iparating ang may lumabas sa resulta ayon sa mga guro. Kung kaya't napapadali ang pag-aabot ng mensahe sa pangungusap. Malaking tulong para sa guro na mabawasan ang kanilang gawain sa pagtuturo dahil ang midya ay nagsisilbing kaibigan ng mga mag-aaral na nagbubukas sa kanilang isipan.

**Talahanayan 3. Impluwensiyang Dulot ng Iba't Ibang Uri ng Midya sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Sintaks Ayon sa mga Mag-aaral at Guro**

| Sintaks | Mag-aaral | Guro | Kab. | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Naiintindihan at nauunawaan ang nabuong pangungusap ng mas mabilis at mas malinaw | 407 | 28 | **435** | **2** |
| Nagagamit sa mas mabilisang pagpapahatid ng mensahe gamit ang pangungusap sa impormasyong nais iparating | 335 | 56 | **391** | **3** |
| Nagkakaroon ng mabisang kasanayan sa mga bahagi ng salita upang makabuo ng tamang pangungusap | 405 | 45 | **450** | **1** |
| Naisasaayos ng wasto ang mga balarilang angkop sa pagbuo ng isang pangungusap | 288 | 38 | **326** | **4** |
| Nagkakaroon ng kalituhan sa pagbuo ng wastong ayos sa pagbuo ng pangungusap | 101 | 19 | **120** | **5** |

Ayon nga kay Huldelson [9] , ang mga mag-aaral ay minsan lang kung pumasok sa oras ng pagsusulat. Dahil sa walang malawak na kaalaman sa pagkilala sa sintaks. At hindi rin maikakaila ang katotohanang napakaraming mag-aaral ang nahihirapan sa wastong paggamit ng sintaks. Kung kaya't ito ay hamon sa guro na gamitin ang midya upang maging kapanapanabik ang pagkilala sa sintaks ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsasanay sa pagsusulat.

Magkahalintulad ang napiling kasagutan ng dalawang kalahok sa paraang nakakatulong ang midya upang mapabilis ang pagabot ng nais iparating. May kaibahan naman sa paraan ng pagkalap ng kaalaman dahil sa mag-aaral ay ang paraan ng pag-uunawa ng nabuong pangungusap samantalang sa guro naman ay ang paggamit ng pangungusap.

**Talahanayan 4. Impluwensiyang Dulot ng Iba't Ibang Uri ng Midya sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Semantika Ayon sa mga Mag-aaral at Guro**

| Semantika | Mag-aaral | Guro | Kab. | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Nabibigyang kalinawan ang mga malalalim o di-pangkaraniwang wikang ginamit | 334 | 141 | **475** | **1** |
| Naihahalintulad at napagkakaiba at mas mainam ang iba't ibang kahulugan ng bawat wikang ginamit | 271 | 54 | **325** | **4** |
| Naipapaunawa ang taglay na kahulugan ng bawat batay sa mga binasa, napanood, at napakinggan sa midya | 397 | 43 | **440** | **2** |
| Napapadaling makita ang mga simbolo na sumasagisag sa ginamit na wika upang malaman ang pinakaangkop na wikang gagamitin | 304 | 31 | **335** | **3** |
| Nagkakaroon ng maling interpretasyon o pag-unawa dahil sa hindi angkop ang mga kilos, intonasyon, wika, at pangungusap na tunay na kahulugan ng nais iparating | 207 | 37 | **244** | **5** |

Sa Talahanayan 4, sa mga mag-aaral ang impluwensiya ng midya sa paggamit ng Wikang Filipino sa semantika ay naipapaunawa ang taglay na kahulugan ng bawat salita. Batay sa mga binasa, napanood, at napakinggan sa midya. Kung kaya't Malaki ang ambag ng midya upang maintindihan ang

salita. Sa trulong ng midya, nagkakaroon rin ng motibasyon na siyasatin pang lalo ang kahulugan ng mga salita.

Sinabi ni Torres [10], ang atensyon ang kakailanganin sa pag-unawa. Ang kakulangan sa pag-unawa ay kadalasan may kakulangan sa atensyon, ang kakulangan sa atensyon ay kadalasan sa hindi natin paggamit ng ating pandama. Napakahalaga ng tamang paggamit ng pandama. Ang midya rin ay nakapagbibigay gabay sa kung anong emosyong nadarama. Kung kaya't malaking tulong ang midya upang patuloy na maintindihan ang mga salita batay sa ating nadarama.

Ayon naman sa mga guro ang nabibigyang kalinawan ang mga malalalim o di-pangkaraniwang wikang ginamit. Nagsisilbing sandigan ang midya upang mas mapalinaw ang hindi kilalang salita. Halimbawa, panonood ng pelikula kung saan ang mga kilos at salitang di-pangkaraniwang ay nabibigyang kahulugan.

Ayon kay Arrogante et.al [11], ang panonood ng ponemang 'di maitatatwang lundayan sa modernong paraan nang pag-alam ng mga impormasyon. Isa itong kakayahang pang komunikasyon na umunawa sa nakikitang imahe sa kapaligiran ng isang tao. Dahil sa midya, mas nakakatulong ito sa pagtuturo na makapagbigay ng kahalagahan at kalinawan. Ang mga katanungan ay nabibigyan agad ng kasagutan.

Ang pagkakahalintulad ng kasagutan ng mga kalahok ay naiintindihan ang mga salita gamit midya. Ang pagkakaiba naman ay sa mga mag-aaral mas natututo sila sa pagunawa ng salita sa natural na pagbasa, panonood at pakikinig. Samantala sa guro ay ang pagkilala sa kahulugan ng mga salita kahit di-pangkaraniwang salita.

2. Ang impluwensya ng midya sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Ayon sa panayam sa mga guro ay pagiging aktibo, alerto, at pagpukaw ng interes ng mga mag-aaral. Ang midya ay nagsisilbing malaking tulong upang mas maging buhay ang talakayan. Upang ang mga mag-aaral ay matuto at maging interesado sa pag-aaral ng wika. Dahil dito nararapat na patuloy gamitin sa pag-aaral ang midya.

Ayon kay Brocales [12] na ang paggamit ng multimedia sa pagtuturo ay kailangan talaga na maghanda ang guro sa mga kagamitang pampagtuturo. Sa tulong ng pasalidad na multimedia sapagkat nakatutulong ito sa kasanayan ng mga mag-aaral. Kasanayan upang mas maging bukas matuto sa paggamit ng wika na maging aktibo.

Ang nabanggit na pag-aaral ay may pagkakatulad sa resulta ng pakikipanayam sapagkat pareho itong nakatuon sa paggamit ng midya bilang pagtuturo. Upang makahikayat sa interes at makatulong sa kasanayan ng mga mag-aaral. Dahil dito naging matibay na batayan na ang midya ay nararapat gamitin sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

3. Ang mga mabuti at di-mabuting dulot ng midya sa mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino, Ingles at Mother Tongue ay ang mga sumusunod:

**Talahanayan 5. Mabuting Dulot ng Midya sa Wikang Filipino Ayon sa mga Mag-aaral at Guro**

| Wikang Filipino | Mag-aaral | Guro | Kab. | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Naitatangkilik ang sariling wika upang gamitin sa pang-araw-araw | 445 | 67 | **512** | **1** |
| Nalalaman ang mga makabagong balarilang Filipino | 281 | 40 | **321** | **4** |
| Naeenganyong matuto ng mga matalinghaga at malalim na mga salitang Filipino | 350 | 32 | **382** | **3** |
| Naiintindihan ang mga impormasyon sa mabilisan o madaliang paraan upang mapadali ang pagbabaybay, pagsusulat, at pagbabasa | 445 | 30 | **475** | **2** |

Mula sa Talahayanan 5 ang naitatangkilik ang sariling wika upang gamitin sa pang-araw-araw. At ang naiintindihan ang mga impormasyon sa mabilisan o madaliang paraan upang mapadali ang pagbabaybay, pagsusulat, at pagbabasa. Ito ay nagkapantay sa pagpili ng mga sagot ng mga mag-aaral. Sa tulong ng midya magsisilbi itong gabay upang mas nasusubok silang gamitin, unawain at kilalanin pa ang Wikang Filipino. Magiging madali para sa guro at mag-aaral ang pagkatuto at pag-aaral sa wika. Ang dalawang pagkakapantay ng natuklasang resulta ay nagsilbing batayan na ang midya ay napakahalagang tulong sa pag-aaral ng wika.

Ayon kay Reudas et.al [13] ang kagamitang pampagtuturo tulad ng ICT ay nagbibigay ng konkretong pundasyon sa pagkatuto. Nagbubunga ito ng wastong gawi sa pag-aaral, nakagaganyak sa kawilihan ng mga mag-aaral sapagkat higit na napapasigla at napapagaan ang proseso ng pagkatuto.

Nakakapaghikayat din ito na gamitin ang wika ayon sa narinig at napakinggan. Kung Wikang Filipino ang kanilang naririnig at nababasa, mas madali para sa kanila na gamitin ito sa pakikipagkomunikasyon.

Ayon sa guro, naitatangkilik ang sariling wika upang gamitin sa pang-araw-araw. Kung saan nahuhubog ang mga mag-aaral na magamit ng wasto ang Wikang Filipino. Dahil dito napapadali sa mga guro ang paghihikayat sa mga mag-aaral na gamitin ang Wikang Filipino sa pakikipagkomunikasyon. Malaki nga ang tulong ng midya na makilala at magamit ang Wikang Filipino sa kabila ng mga lenggwaheng ingles, korean, at iba pa.

Ayon kay Haveria [14] patnubay at pagsasanay ang kailangan sa panonood ng mga piling dokumentaryong pelikula. Ito ang magagamit ng mga mag-aaral at gurong nagtuturo ng Filipino. Maaring may makuhang hindi angkop na salita na makakasira sa pag-aaral ng mag-aaral. Kaya't kailangan ang patuloy na gabay ng mga guro habang ginagamit ang midya sa pagtuturo. Nang matangkilik ang wikang ginamit at masuri ang wastong mga salita.

Ang unang kasagutan mula sa mga mag-aaral at guro ay magkatulad. Kung kaya't matibay ang nakuhang kasagutan mula sa mga kalahok na ang midya nga ay maitatangkilik ang wikang sariling atin. Humabol naman mula sa mag-aaral ang naiintindihan ang mga impormasyon sa mabilisang paraan. Upang mapadali ang pag-aaral sa pagbabaybay, pagsusulat, at pagbabasa gamit ang midya.

**Talahanayan 6. Mabuting Dulot ng Midya sa Wikang Ingles Ayon sa mga Mag-aaral at Guro**

| Wikang Ingles | Mag-aaral | Guro | Kab. | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Nagkakaroon ng mas malalim na kasanayan sa paggamit ng wika upang magamit sa pakikipagsapalaran | 284 | 81 | **365** | **1** |
| Naeenganyong manood, makinig, bumasa, at matuto sa pang-internasyunal na mga talakayan | 254 | 51 | **305** | **4** |
| Nagiging aktibo sa pakikipagtalastasang pasulat man o pasalita sa mga banyaga | 288 | 18 | **306** | **3** |
| Napapadaling matuto sa paggamit ng Ingles sa pamamagitan ng pagbabasa, pakikinig, at panonood | 293 | 32 | **325** | **2** |

Talahanayan 6, napapadaling matuto sa paggamit ng Ingles sa pamamagitan ng pagbabasa, pakikinig, at panonood. Ito ang kasagutan mula sa mga mag-aaral. Kung kaya't nagiging natural sa kanila ang pagkatuto sa Wikang Ingles. Nagsisilbi rin itong paghihikayat na magbasa, making at manood ng mga aral gamit ang midya na may lenggwaheng ingles. Nagiging positibo rin sa kanila na hindi nakakatakot ang pagsubok sa paggamit ng ingles. Dahil dito ang midya ay malaki ang tulong sa pagbibigay lakas loob sa mga mag-aaral.

Ayon kay De Ramon [15] ang nangungunang positibong epektong dulot ng internet sa akademikong performans ng mga mag-aaral ay ang napagkukunan ito ng mahalagang impormasyon. At ang negatibong naidudulot ay di sapat ang oras na ginugugol sa pag-aaral. Napapadali nga ang pagkatuto ng aralin sa mag-aaral. Dahil dito tumataas ang kanilang kamalayan sa paggamit ng wikang ingles. Upang maiwasan ang negtibong dulot ng internet sa akademikong performans ng mga mag-aaral ay kailangang magkakaroon ng disiplina sa sarili. Dahil sa ang midya ay may malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang nagkakaroon ng mas malalim na kasanayan sa paggamit ng wika upang magamit sa pakikipagsapalaran ang sagot ng mga guro. Bilang mabuting dulot ng midya sa Wikang Ingles. Dahil dito ang midya ay nakatutulong sa guro na matulak ang mga mag-aaral sa paggamit ng ingles. Maging patnubay ng guro na ang ingles ay magagamit ng mag-aaral sa pakikipagsapalaran. Kung kaya't magsisilbing hamon ito sa lahat.

Ayon kay Hyland [16] ang pagbibigay pagkakataon sa mga batang manunulat na magsulat sa nais nilang paksa ay magdudulot ng lakas ng loob na ibahagi ito sa harap ng mga tao. Kapag hinayaan ang mag-aaral na magkaroon ng sariling kasanayan sa pagbuo ng pangungusap, kailangan pa ring gabayan sa paggamit nito. Upang mas maging angkop ang mga salita at maudyok sila na mas maging magaling. Dahil dito mas lalong lalakas ang kanilang loob sa pagsusulat.

Ang napiling mga kasagutan ng mga mag-aaral at guro na tungkol sa impluwensya ng midya sa Wikang Ingles ay nagsilbing hamon. Upang pagnilaynilayan ang ingles at matuto sa paggamit nito. Dahil ito ay magagamit sa pakikipagsapalaran.

Talahanayan 7, nagiging aktibo ang mga mag-aaral sa paggamit ng nais na wika sa pagbibigay ng opinyon at saloobin ay ang naging resulta mula sa mga mag-aaral. Kung kaya't nagiging buhay ang talakayan dahil

mas napapadali ang pagsasalita. Napapadali rin na maintindihan at magamit ang Mother Tongue. Upang makapagsabay sila sa talakayan. Malaki ang tulong ng midya sa mga mag-aaral upang malaman din nilang hindi lang Wikang Filipino at Ingles ang matututunan sa midya. Lalo na sa mga mag-aaral na nahihirapan na makipagsabayan sa talakayan.

**Talahanayan 7. Mabuting Dulot ng Midya sa Mother Tongue Ayon sa mga Mag-aaral at Guro**

| Mother Tongue | Mag-aaral | Guro | Kab. | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Nagiging aktibo ang mga mag-aaral sa paggamit ng nais na wika sa pagbibigay ng opinyon at saloobin | 455 | 26 | **481** | **1** |
| Napapadali ang pagbibigay kahulugan sa mga naririnig, nakikita at nababasa | 354 | 42 | **396** | **3** |
| Nagiging magaan a mga mag-aaral ang mga salitang ginag amit | 370 | 64 | **434** | **2** |
| Malayang nakapagpapahayag ng saloobin sa mga natural na paraan | 335 | 51 | **386** | **4** |

Ayon kina Abad et. al [17] ang kagamitang pampagtuturo, tulad ng midyang instruksyonal ay nagbibigay ng konkretong pundasyon sa pagkatuto. Nagbubunga ito ng wastong gawi sa pag-aaral. Nakagaganyak ito sa kawilihan ng mga mag-aaral sapagkat higit na napapasigla, napapagaan ang proseso at pagkatuto. At nagdudulot ito ng maayos, madali, makahulugan at mabisang pagtuturo at pagkatuto. Malinaw na may malaking ambag ang midya sa pagkatuto ng mag-aaral. Nahihikayat din ang lahat sa nais maibahagi sa pag-aaral.

Ang nagiging magaan sa mga mag-aaral ang mga salitang ginagamit ay ayon naman sa mga guro. Dahil dito hinihikayat ang mga guro na malayang ipagamit sa mga mag-aaral ang midya bilang mapagkukunan ng kalakasan ng loob sa pakikipagkomunikasyon at sa kanilang pag-aaral.

Sa pag-aaral ni Baria [18], iminumungkahi niya na kailangan ang Departamento ng Edukasyon ay lumikha ng mga panooring makahulugan. At naaayon sa kultura na naangkop sa kasanayan ng mga mag-aaral alinsunod sa kurikulum ng K to 12. Dapat maintindihan ang sariling kultura at tradisyon upang maiakma ito sa sariling karanasan. Dahil dito nararapat lang na bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magamit ang midya sa pag-aaral. Upang maging malaya sila sa pagbabahagi sa talakayan.

Batay sa sagot ng mga mag-aaral at guro tungkol sa impluwensiya ng midya sa mother tongue. Makikitang nagiging natural ang paraan ng pagbabahagi ng mga mag-aaral. At malaking bagay ito bilang pagpapagaan sa paghahanda ng mga guro sa pagtuturo.

**Talahanayan 8. Di-Mabuting Dulot ng Midya sa Wikang Filipino Ayon sa mga Mag-aaral at Guro**

| Wikang Filipino | Mag-aaral | Guro | Kab. | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Nahihirapang maintindihan ang mga matatalinghaga o malalalim na mga salita | 351 | 42 | **393** | **3** |
| Nagagamit ang mga balabal na salita | 358 | 51 | **409** | **1** |
| Nakikipagsabayan sa mga nauusong salita | 307 | 33 | **340** | **4** |
| Nagugugol ang buong oras sa pagrerelaks at hindi sa pagpapalago ng wikang sariling atin | 367 | 30 | **397** | **2** |

Talahanayan 8, ang di- mabuting dulot naman ng midya upang matuto ang mga mag-aaral sa wikang Filipino. Ito ay ang nagugugol ang buong oras sa pagrerelaks at hindi sa pagpapalago ng wikang sariling atin. Kung kaya't nararapat na may limitasyon at gabay sa paggamit ng midya. Dahil maaring makasagabal sa pagkatuto ng paggamit sa Wikang Filipino. Hindi rin maaring maging malaya sa paggamit ng midya ang mga mag-aaral sa lahat ng oras. Maging paalala rin sa mga mag-aaral na hindi sa lahat ng pagkakataon ay nakabubuti ang midya. Kailangan nilang magkaroon ng kontrol sa tamang paggamit nito.

Ayon sa pag-aaral ni Aquino [19] upang malaman ang kahandaan ng guro sa pagtuturo ng siyensa at teknolohiya sa guro at mag-aaral. Natuklasan na kailangan pagbutihin ng guro ang paggamit ng mga angkop na estratehiya o pamamaraan. Sa pag-aaral na ito nararapat na ang mga guro ay magsagawa ng mga pagsasanay sa mga mag-aaral. Na kung saan magkaroon ng pagtataya upang hindi masayang ang oras sa paggamit ng midya.

Nagagamit ang balbal na salita ang may pinaka di-mabuting epekto ng midya sa Wikang Filipino. Ito ay ayon sa mga guro na napansin sa mga mag-aaral.

Paalala rin ito sa mga guro na patuloy na gumabay sa pag-aaral ng mga mag-aaral gamit ang midya.

Sa pag-aaral ni Jacob [20] malaki ang suliranin ng mga mag-aaral at guro sa kakulangan ng mga kagamitang panteknolohiya sa paaralan. Kailangan ng sapat na kagamitan at suporta ang Kagawaran ng Edukasyon na matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa paggamit ng makabagong teknolohiya tungo sa matagumpay at epektibong pagtuturo at pagkatuto sa loob ng paaralan. Ngunit sa resultang lumabas, hindi sapat na mabigyan lamang ng kagamitang panteknolohiya ang mga paaralan. Kung ito ay hindi naman nabibigyang pokus ng mga guro. Kailangang patuloy na bigyan ng oras ng guro na gabayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri at paggamit ng mga salita. Upang maiwasan ang paggamit ng balbal na salita.

Para sa mga kasagutan ng mga mag-aaral at guro. Makikita na ang pagkakahalintulad ay hindi nabibigyan ng sapat na oras ang paggamit sa Wikang Filipino. Dahil sa ang mga mag-aaral ay nasasayang ang oras upang matuto, ang mga guro naman ay napansin na di pormal na salita ang nagagamit. Kung kaya't ito ay pagbibigay ng pag-unawa sa lahat. Na ang midya ay hindi makabubuti kung walang gabay sa pag-aaral.

**Talahanayan 9. Di-Mabuting Dulot ng Midya sa Wikang Ingles Ayon sa mga Mag-aaral at Guro**

| Wikang Ingles | Mag-aaral | Guro | Kab. | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Natatakot na sumubok, makipagsabayan at magkamali sa pakikipagtalastasan dahil sa walang sapat na pag-aaral dito | 324 | 27 | **351** | **3** |
| Nalilito sa paggamit ng angkop na istruktura o paggamit ng pangungusap | 432 | 52 | **484** | **1** |
| Nakapokus lamang sa salitang kilos at intonasyon o tono ng wika ngunit hindi lubasang maintindihan ang kahulugan ng mga ito | 369 | 40 | **409** | **2** |
| Nagagaya ang mga masasamang ekspresyon mula sa mga banyaga na hindi naman talaga alam ang kahulugan ng mga ito | 299 | 28 | **327** | **4** |

Ayon sa Talahanayan 9, nalilito sa paggamit ng angkop na istruktura o paggamit ng pangungusap ang nanguna para sa mga mag-aaral. Bilang di-mabuting dulot ng midya sa Wikang Ingles. Ito ay paalala sa lahat ng mga mag-aaral na kailangan nilang maging masuri sa paggamit ng mga pangungusap ayon sa wastong istruktura. Maari ring maingat na gamitin ang midya. Upang mas maunawaan ng mas malalim ang mga salita at magamit ng mas maayos ang mga pangungusap.

Ayon kay Barnwell [21] sa pag-aaral ng mga bokabularyo at mga dapat alalahanin sa pagsulat ng ingles, kailangang magsimula sa pinakasimula. Siguraduhing lahat ng mag-aaral ay alam ang lahat ng bahagi at gamit ng pangungusap. Ito ang nagsilbing paalala sa mga guro na kahit gamitin ang midya sa pag-aaral sa ingles ay maging maingat sa paggamit nito. Paalala na bago pa man pag-aralan ang susunod na aralin ay kailangang maunawaan ng mag-aaral ang istruktura sa pagbuo ng pangungusap.

Tulad ng napiling sagot ng mga mag-aaral, ganoon din ang kasagutan ng mga guro. Nararapat na bigyan ng pokus ng guro ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Nang maging maingat sa paggamit ng mga pangungusap. At gabayan rin sila sa mga angkop na kahulugan at nakakalitong salita na kanilang nagagamit.

Ayon kay Jocson [22] sinasabing teknolohiya ang nabunsod para maging moderno ang mga bayan na makatulong. Sa ikadadali at pagiging magaan ng pag-aaral, paglilibang, pakikipagtransakyon, pakikipagkomunikasyon at marami pang iba. Nagiging malaking tulong nga ang midya upang mapagaan ang mga pag-aaral. Ang kasalukuyang henerasyon ay mas napapadali ang kanilang kritikal na pag-unawa at pakikipagsabayan sa mundo. Kahit na may kahirapan sa pagbuo at paggamit ng pangungusap.

Magkatulad na nalilito sa paggamit ng angkop na istruktura o paggamit ng pangungusap ang naging pinakamataas na napiling kasagutan mula sa mga mag-aaral at mga guro. Ito ay nagsilbing matibay na natuklasang kasagutan mula sa mga kalahok. Dahil dito ang mag-aaral at guro ay maaring nahihirapan sa paggamit ng angkop na istruktura. Kung kaya't magkaroon ang mga kalahok ng mga kasanayan. Nang maging makabuluhan ang pag-aaral.

Talahanayan 10, nalilito sa mga salitang gagamitin kung ito ay wasto sa isang pangungusap. Ito ang may pinaka mataas na bilang ng kalahok ang pumili bilang di-mabuting dulot ng midya sa Mother Tongue. Nagkakaroon ang mga mag-aaral ng kahirapan na



P-ISSN 2350-7756 | E-ISSN 2350-8442 | www.apjmr.com
Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 7, No. 1, February 2019, Part II

gamitin ang Mother Tongue dahil sa nagiging halu-halo ang mga salitang hindi nila masyadong nagagamit sa loob ng silid-aralan sa kanilang pagsusulat at pagsasagot. At dahil na rin sa hind gaanong nagagamit ang Mother Tongue sa midya. Maaring magbigay ng pagkakataon na makilala ang Mother Tongue bilang midyum ng instruksyon sa kanilang pag-aaral sa mga piling oras at asignatura.

**Talahanayan 10. Di-Mabuting Dulot ng Midya sa Mother Tongue Ayon sa mga Mag-aaral at Guro**

| Mother Tongue | Mag-aaral | Guro | Kab. | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Nahihirapan sa pag-uugnay ng mga salita sa kanilang pag-aaral dahil hindi ito ang karaniwang lengguwahe sa sariling lugar | 403 | 80 | **483** | **2** |
| Nalilito sa mga salitang gagamitin kung ito ay wasto sa isang pangungusap | 457 | 34 | **491** | **1** |
| Nagagamit ang maling intonasyon o diin ng bawat salita dahil hindi maintindihan ang salitang ginagamit | 337 | 17 | **354** | **3** |
| Nakapokus lamang sa iisang lugar o lenggwahe ang isang paksa kaya't di maiintindihan ng ibang tao sa ibang lugar | 285 | 39 | **324** | **4** |

Ayon kay Fungo [23] inirekomenda niya na maging bukas ang kaisipan ng mga guro sa paggamit ng ICT sa kanilang pagtuturo. At maging mapamaraan sa pagtuturo gamit ang makabagong estratehiya at teknik gamit ang ICT. Nararapat na bigyang pansin ng mga guro na mabigyang linaw ang mga salitang hindi angkop sa pangungusap. Dahil hindi sapat ang paggamit ng midya sa pag-aaral kung wala namang malalim kasanayan at patnubay sa pagtuturo sa mga mag-aaral.

Nahihirapan sa pag-uugnay ng mga salita sa kanilang pag-aaral dahil hindi ito ang karaniwang lengguwahe sa sariling lugar. Ito ang may pinakamataas na bilang na sagot ng mga guro. Dahil rito kailangan pa lalong gabayan ang mga mag-aaral na ipaunawa at ipag-ugnay ang mga salitang nagkakaroon ng kahirapan sa kanilang pag-aaral. Sa tulong ng midya, bigyan din ng nararapat na oras ang mga mag-aaral. Upang mas maunawaan ang mga salita.

Sa pag-aaral naman ni Reduta [24] tungkol sa kahandaan ng mga guro sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino sa antas ng tersarya. Natuklasan niya na hindi sapat ang kahandaan ng guro sa paggamit ng makabagong teknolohiya. At maraming suliraning kinakaharap ang mga guro sa paggamit nito. Maaring isa na rito ang hindi angkop na lengguwahe mula sa sariling bayan ang nakikita sa kanilang mga aklat.

Ang pagkakahalintulad sa napiling kasagutan ng mga kalahok ay parehong nahihirapang maipasok o gamitin ang isang salita. Kung ito ba ay may kaugnayan sa isang pangungusap. Ang pagkakaiba naman para sa mga mag-aaral, sila ay may kaalaman ngunit hindi tiyak ang salitang gagamitin. Samantalang sa mga guro naman ay ang kahirapan sa pag-uugnay at pag-uunawa ng mga salita sa kanilang pagtuturo.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang pag-aaral ay nakatuon sa mabuti at di-mabuting impluwensiya ng midya sa pag-aaral ng wika sa Grade 6 sa pagkatuto ng ponolohiya, morpolohiya, sintaks, at semantika. Nakatuon din ito sa maitutulong ng midya sa bawat istruktura na makakaapekto sa paraan ng pananalita at wastong pag-unawa at pagsulat ng mga mag-aaral.

Natuklasan ang impluwensiya ng midya sa pag-aaral ng Wikang Filipino. Sa ponolohiya, ang Grade 6 at guro ay nalalaman ang artikulasyon sa malapatinig na pagbitiw ng letra. Sa morpolohiya, ang Grade 6 ay nakapagbabaybay ng mas maaayos; sa guro ay naiaangkop ang paggamit ng panlapi/salitang ugat. Sa sintaks, ang Grade 6 ay napapadaling maunawaan ang pangungusap, ang guro ay napapabilis ang paghatid ng mensahe. Sa semantika, ang Grade 6 ay naipapaunawa ang kahulugan, sa guro ay napapalinaw ang di kilalalang salita.

Ang impluwensya ng midya sa pagkatuto ng wika ayon sa panayam sa guro ay napupukaw ang interes ng Grade 6. Ang mabuting dulot ng midya sa Wikang Filipino sa Grade 6 at guro ay natatangkilik ang sariling wika at napapadali ang pagsulat at pagbasa. Ang di-mabuting dulot sa Grade 6 ay nasasayang ang oras sa paglago ng ating wika. Sa guro ay nagagamit ang balbal na salita. Sa Ingles ng Grade 6 ay napapadaling gumamit nito, sa guro ay magagamit sa pakikipagsapalaran. Nalilito sa istruktura ang di-

mabuting dulot. Sa Mother Tongue ng Grade 6, nagiging aktibo sa pagbibigay saloobin, sa guro ay napapagaan ang salita. Ang di-mabuting dulot sa Grade 6, nalilito sa salitang gagamitin sa pangungusap, sa guro ay nahihirapan sa pag-uugnay sa sariling lugar.

Ang mga implikasyon sa nakuhang mga datos sa pag-aaral na ito batay sa komunidad ay mas nakapagbibigay ng mas malaking ambag sa komunidad. Dahil mas naitatangkilik ang interes pakikilahok at pakikipagsapalaran sa ating komunidad. Para naman sa mga mga propesyon sa mundo ng edukasyon. Ito ay mas naipalilinang ang paraan ng pagkatuto sa wika sa paraang mas napapadali ito ngunit makabuluhan. Dahil na rin sa ang midya ay kasabay na pagsilang ng makabagong henerasyon ngayon. Kung kaya't may kaugnayan at relasyon ang midya at ang pag-aaral ng wika.

## TALASANGGUNIAN


[1] UNESCO returns to challenge of media and information literacy www.waccglobal.org, http://www.waccglobal.org/articles/unesco-returns-to-challenge-of-media-and-information-literacy, June 28, 2017.

[2] Leitner, G. (1998). The socialinguistics of communication media. Sa Coulmas, Florian (Ed.), The handbook of sociolinguistics (pp.129-140). New Jersey: Blackwell Publishing. Ni retrieve mula sa http://www.blackwellreference.com.subscriber/tocnode?id=g97806312119381.

[3] Gallego, M. K. (2016). Isang pagsusuri sa korpus ukol sa pagbabago ng Wikang Filipino, 1923-2013. Philippine Social Sciences Review 68. No. 1.

[4] Media Ownership Monitor, Philippines. (2016). Lipunan at Media. www.editorial@verafiles.org, Ni retrieved mula sa https://philippines.mom-rfs.org/fil/konteksto/lipunan/,VERA Files, Quezon City, Philippines.

[5] Mariano, S. S. (2015). Pedagohikong Pagtuturo ng Filipino gamit ang Information Communication Technology (ICT), "Di-Limbag na Disertasyon, Pamanatayan ng Bikol. Lungsod ng Legaspi (Marso).

[6] Gestadia, Rey B. et.al 2007. The Use of Multi Reading as an Instructional Aid in Teaching an Undergraduate Thesis, Sorsogon State College, Bulan Campus Sorsogon.

[7] Madrideo, M. L. (2004). Kahandaan at Kaalaman ng Gurong Nagsasanay sa Pagtuturo ng Filipino Batay sa Binagong Kurikulum ng DepEd, "Di-Limbag na Disertasyon Pamantayan ng Bikol, Lungsod ng Legaspi.

[8] Kowles and R. Sasaki. (2001) Story Squares Fluency in English as a Second Language. Massachusetts: Winthorp Publishers, Inc.

[9] Hudelson, S. (1996). Write on Children, Writing in English as second Language. New Jersey: Prentice Hall, Inc.

[10] Torres, P. (2001) Learning Excellence: A Master Course in Learning How to Learn.

[11] Arrogante, J. A. et. al (2012) Ugnayan: Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Navotas Press

[12] Brocales, E. A. 2000. "The Use of Materials in Teaching Literature to Third High School Students" Unpublished Master's Thesis, Bicol University, Legaspi City.

[13] Reudas, P. C. et. al. (2001). Paghahanda ng Kagamitang Pampagtuturo. National Book Store, 125 Pioneer. St., Mandaluyong City.

[14] Haveria, D. J. (2015): Lebel ng Komprehensyon sa Panonood ng Dokumentaryong Pelikula ng mga Mag-aaral sa Baitang 8, Sorsogon State College.

[15] De Ramon, N. L. (2015): Internet: Epekto sa Akademikong Performans ng mga Mag-aaral sa Antas Tersarya ng St. Louisse De Marillac, College Sorsogon.

[16] Hyland, K. (2004). Enhancing Students' Engagement and Motivation in Writing, Genre and second language writing. Cambridge: Cambridge University Press.

[17] Abad, M. A. et. al (2001). Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo. Quezon City: National Bookstore, Inc.

[18] Baria, Cenit Salvador (2003), Viewing as a MacroSkill for Grade 7: Measures the Strength and Weakness Through Film StripViewing.

[19] Aquino, Lanilia V. (2001). "Kahandaan ng mga guro sa Pagtuturo ng Sensya at Teknolohiya sa Panahon.

[20] Jacob, Josephine B. (2012). Teknolohiyang pang Impormasyon sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Intermedya.

[21] Barnwell, W. (1991). The resourceful writer, A Basic Writing Course. Boston, USA: Houghton Mifflin Company.

[22] Jocson, M. O. et. al (2005). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. 776 Aurora Bldg. Cor. Boston. St. Quezon City, Metron Manila: Lorimra Publishing Co.

[23] Fungo, C. C. (2015). Paggamit ng Information and Technology sa Pagtuturo Florante at Laura, Sorsogon State College, Sorsogon City, Sorsogon City Campus.

[24] Reduta, M. J. R. (2011). Pagsulat ng Komunikasyon ng mga Mag-aaral sa Tersarya sa Panahon ng Makabagong Teknolohiya. Di-Limbag na Tesis. Pamantasan ng Bikol. Lungsod ng Legaspi.



### COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (http://creative commons.org/licenses/by/4.